WEEK
1


# Maging Ligtas sa Kalsada

I

Aralin

Sa araling ito, makatutulong sa iyo ang mga kaalaman upang maging ligtas ka sa pagtawid sa kalsada.

Pagmasdan ang larawan. Nakakita ka na ba nito? Saan kaya ito makikita? Bakit kaya may ganito?




Paano tumawid sa kalsada ayon sa mga patakaran ng Batas ng Kalsada para sa mga naglalakad? Makikita natin ang mga simbolo sa kalsada ukol sa pangkaligtasang gawi kung ikaw ay nasa kalsada.

Pag-ukulan natin ng pansin ang mga ilaw trapiko, pula, dilaw, at luntian (berde), na kusang nagsasalit-salitan sa pagpatay at pagsindi sa mga magkabilang daan. Napakapayak ng kanilang nirerepresenta kung tutuusin. Ang luntiang ilaw ay para sa pag-arangkada o "go". Paghahanda naman o "ready" para sa dilaw at paghinto o "stop" naman para sa kulay pula.

LIVEWORKSHEETS

Narito ang mga sumusunod na mga simbolo sa kalsada basahin ito at pag-aralan.


Ilaw Trapiko



Hinto



Tawiran para sa Tao


Bawal Tumawid




Bawal Pumasok




Pook Ospital



Riles ng Tren


Ilaw para sa Tawiran


Pook Tawiran



Isang Linya/Daanan Lamang



Pook Paaralan




Tawiran para sa Tao

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1**: Tukuyin ang mga simbolo na makikita sa kalsada sa Hanay A sa paglalarawan nito sa Hanay B. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

**Hanay A**

1. 
2. 

3. 
4. 
5. 

**Hanay B**

A. Bawal Pumasok

B. Pook Paaralan

C. Pook Tawiran

D. Ilaw para sa Tawiran

E. Ilaw Trapiko

F. Pook Ospital

LIVEWORKSHEETS

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Basahin ang bawat pangungusap sa ibaba. Isulat ang **TAMA** kung ito ay nagsasaad ng wastong pagsunod sa batas sa kalsada at **MALI** naman kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

_______ 1. Ang ilaw trapiko ay may asul, berde at dilaw.
_______ 2. Ang kulay berde ay nangangahulugan na "stop" o tigil.
_______ 3. Ang kulay dilaw ay ang paghinto ng mga sasakyan.
_______ 4. Ang kulay pula ay ang paghinto ng tao o ng sasakyan.
_______ 5. Maaaring tumawid sa anumang tawiran basta mabilis tumakbo.

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Iguhit ang masayang mukha ☺ kung ang isinasaad ng pangungusap sa ibaba ay nagpapakita ng ligtas na pagtawid sa kalsada at malungkot na mukha ☹ kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

______ 1. Tumingin muna bago tumawid.
______ 2. Makinig muna sa mga ugong ng sasakyan bago tumawid.
______ 3. Maaaring tumawid kahit hindi sa pook tawiran.
______ 4. Laging sumunod sa batas trapiko.
______ 5. Maglaro sa gitna ng kalsada.

## A

Punan ng wastong salita ang sumusunod na mga pangungusap tungkol sa kaligtasan sa kalsada. Piliin ang sagot sa kahon. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Kailangang ______________ bago tumawid. Tumingin sa __________ at kanan. Makinig sa mga ugong ng sasakyan bago __________________. Dapat sumunod sa ______________ trapiko at mga __________________ sa kalsada ukol sa pangkaligtasang gawain.

| | | |
|---|---|---|
| kaliwa | huminto | batas |
| simbolo | tumawid | itaas |

LIVEWORKSHEETS